**SET A**

**1. Sino ang bida sa nobelang *Ang Kuba ng Notre Dame*?**
a. Claude Frollo
b. La Esmeralda
c. Phoebus
d. Quasimodo

**2. Sino ang sumulat ng *Ang Kuba ng Notre Dame*?**
a. Alexandre Dumas
b. Charles Dickens
c. Victor Hugo
d. William Shakespeare

**3. Ano ang pangunahing tagpuan ng nobela?**
a. Katedral ng Notre Dame
b. Louvre Museum
c. Palasyo ng Versailles
d. Rue de Rivoli

**4. Ano ang ibig sabihin ng salitang "kuba"?**
a. Maliit
b. May deformidad sa likod
c. Pipi
d. Walang pandinig

**5. Alin sa mga sumusunod ang pangunahing tunggalian ng nobela?**
a. Tao laban sa Diyos
b. Tao laban sa kalikasan
c. Tao laban sa kapwa tao
d. Tao laban sa sarili

**6. Ano ang trabaho ni Phoebus?**
a. Mang-aawit
b. Pari
c. Sundalo
d. Tagapagtula

**7. Ano ang tawag sa pananaw na nakasentro sa tao at pagpapahalaga sa kaniyang kakayahan?**
a. Feminismo
b. Humanismo
c. Marxismo
d. Realismo

**8. Alin sa mga sumusunod ang halimbawa ng elemento ng nobela?**
a. Aral
b. Banghay
c. Hugot
d. Komento

LIVEWORKSHEETS

**9. Bakit mahalagang malinaw ang tagpuan sa isang nobela?**
a. Upang madagdagan ang mga tauhan
b. Upang magkaroon ng maayos na pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari
c. Upang mailarawan nang mas mabuti ang damdamin at kilos ng mga tauhan
d. Upang mas maraming maging saksi sa mga pangyayari

**10. Bakit itinuring na "biktima ng lipunan" si Quasimodo?**
a. Dahil iniwan siya ng mga magulang
b. Dahil nilait at hinusgahan siya ng lipunan base sa kanyang anyo
c. Dahil pinilit siyang maging kuba
d. Dahil walang gustong maging kaibigan

**11. Ano ang ipinapakita ng pagkakaibigan ni Quasimodo at La Esmeralda?**
a. Na mahalaga ang popularidad sa lipunan
b. Na hindi mahalaga ang panlabas na anyo sa tunay na pagkakaibigan
c. Na mas matimbang ang kayamanan kaysa sa kabaitan
d. Na nagbabago ang tao kapag pinilit

**12. Ano ang ipinapahiwatig ng pagkamatay ni Claude Frollo sa dulo ng nobela?**
a. Na ang kasamaan ay may katapat na kaparusahan
b. Na mas malakas ang pisikal na puwersa kaysa kabutihan
c. Na ang simbahan ang may kapangyarihan sa lahat
d. Na kailangan magsakripisyo ang bida

**13. Kung ikaw si Quasimodo, paano mo ipapakita ang Humanismo sa mga taong nanghusga sa'yo?**
a. Lalabanan sila gamit ang dahas
b. Magpapakabait at magpapatawad sa kabila ng kanilang panlalait
c. Lalayo sa lahat at itatago ang sarili
d. Susumbong sa awtoridad para sila parusahan

**14. Kung bibigyan ka ng pagkakataon baguhin ang isang pangyayari sa nobela, alin ito at bakit?**
a. Patayin si La Esmeralda bago siya maaresto
b. Iligtas si La Esmeralda sa pamamagitan ng pagtakas mula sa Notre Dame
c. Hayaan si Claude Frollo na hindi mahulog mula sa katedral
d. Baguhin ang pagkakakilanlan ni Quasimodo upang tanggapin siya ng lipunan

**15. Paano mo maiuugnay ang tema ng nobela sa kasalukuyang isyu ng body shaming?**
a. Na dapat tanggapin ang sarili at huwag magbago para sa iba
b. Na hindi mahalaga ang panlabas na anyo kundi ang kabutihan ng loob
c. Na mas mahalaga ang social media validation kaysa sa totoong sarili
d. Na hindi dapat pansinin ang anumang komentong natatanggap mula sa iba

LIVEWORKSHEETS